

# ANG KARANASAN NG IMUS SA HIMAGSIKAN: GUNITA NG MGA NAGHIMAGSIK (1896-1898)

MARIA TERESITA L. INGLES, M.A

## Abstrak

Ang aking pananaliksik na pinamagatang, Ang Karanasan ng Imus sa Himagsikan: Gunita ng mga Naghimagsik (1896-1898) ay tumatalakay sa mga naging mahahalagang ambag ng bayan ng Imus sa Himagsikang Pilipino noong dantaon 19.

Bubuun ng apat na bahagi ang pagtalakay ng paksa. Sa unang bahagi, ang paglalata ng mga hakbang ukol sa mga Unang Pagtatanggol. Sa bahaging ito ilalarawan ang pagsanib ng bayan sa Katipunan at ang pagtataglay nito ng katawagang *Haligue*. Ang bayan ng Imus ay kabilang sa mga bayang pinamahalaan ng Sangguniang Magdalo. Lalamanin din ng bahaging ito ang mga kaparaanang ipinatupad ng mga Espanyol sa panahon ng mga paglusob na gagawin sa mga bayan na hawak ng Sangguniang Magdalo. Ang ikalawang bahagi, paglalarawan ng mga kaparaanang ipinatupad ng mga Espanyol. Tatalakayin naman sa ikatlong bahagi sa mga hakbangin isinagawa ng mga manghihimagsik ukol sa pagtataguyod ng Imus. Iisa-isahin ang pasinaya ng paglusob sa mga kalaban, at pagbawi. At sa ikaapat na bahagi ay mahalagang ipapakita ng pagtugon ng bayan at ng ilang mga pamilya sa panawagan ng Himagsikan.

Maipapakita ng pananaliksik na ito ang kahalagahan ng pagtatanggol ng Imus sa panahon ng Himagsikan hindi lang sa antas pampook kundi pati na rin sa pambansang larangan ng pakikibaka upang kamtin ang kalayaan mula sa kamay ng mga kolonyalistang Espanyol.

## Panimula

*“Natalastas ko na tayo’y salat sa mga sandata o sa mga kasangkapan at kagamitan sa isang pakikidigma, kung ito ang pag-uusapan; ngunit walang makapagsasabing ang Pilipino ang di ang angking sariling tapang, at di may sariling pag-iisip sa pagtatanggol ng kaapihan; wala na tayong nakikitang lalaki pang kaduwagan sa sinasabi ni Florante na “guniguning takot sa kalaban”; dito ay ating pinag-uusapan ay ang paglaban at hindi ang sandata.”*

- **Andres Bonifacio** -

Mahalaga ang naging papel ng lalawigan ng Cavite sa kasaysayan, at sa pagbubuo ng kamalayan at pagkakakilanlan ng lahing Pilipino lalo na sa panahon ng paghihimagsik laban sa dayuhang Espanyol noong dantaon labing siyam. Ang

tradisyon ng pagsusulat ng kasaysayang pampook ng ilang bayan ay nasimulan nang isakatuparan. Isang hamon para sa akin na maging bahagi ng makabuluhang tradisyong ito ng pagsasalaysay ng kasaysayan ng bayan.

Mahalagang maipagpatuloy ang ganitong gawaing pananaliksik. Ang muling pagbabalik sa bayan ng Imus at ang muling pakikipagtalastasan sa mga taga-Imus ay masasabi kong isang tagumpay. Halos ibinilang na ang sarili na tunay na kabahagi ng kanilang pook, at pati na rin nang mayabong na kasaysayan ng kanilang bayan.

Malaking bahagi ng pagtalakay ang paglalahad ng mga salaysay at gunita (*memoir*) mismo ng mga lumahok sa Himagsikan. Ilalahad nila ang mga karanasan sa pagtatanggol, pagtataguyod at pagbawing ginawa ng mga naghimagsik upang kamtin ang kalayaan ng bayan.

### **A. Mga Unang Pagtatanggol**

Itinuring na panahon ng *Kaliwanagan* nang ang mga Pilipino ay humingi ng pagbabago sa iba't-ibang larangan ng kanilang pamumuhay. Ang pagnanais para sa kalayaan ay humantong sa pagbubuo ng isang pambansang samahan, ang Katipunan.

Hiningi sa mga umanib na gumamit ng sagisag, kalakip ng kanyang tunay na pangalan sa pagkabinyagan, at lalagda sa kasulatan ng panunumpa bilang isang kasapi. Nagtakda rin ng mga bagong pangalan na pinakasagisag sa pagka-Katipunan ang ilang mga bayan sa lalawigan ng Cavite: Magdalo (*Cavite el Viejo* o Kawit), Magdiwang (Noveleta), Magwagi (Naic), Magtagumpay (Maragondon), *Haligue* (Imus), *Gargano* (Bacoor), Magpuri (Perez-Dasmariñas o Dasmariñas), at Bagongsinag (Silang).

Pangunahing adhika ng mga naghimagsik ang paggawa ng kaparaanan upang mapataalik ang mga prayle na nagmamay-ari ng mga bahay-asyenda, partikular sa Imus, at gayundin ng mga kura paroko na namamahala sa mga parokya sa lalawigan.

Isinalaysay ni Heneral Artemio Ricarte na,<sup>1</sup>

“Ang Sangguniang Magdalo kahimat nagsitutul sa paghihimagsik, sa pagkaigaya marahil sa tagumpay na tinamo ng mga taga-Magdiwang, ay nagbangon din sa huli at pinagpilitang madakip ang isang pareha ng guardiya sibil na naparaan lamang doon sa pagtungo sa Imus.<sup>2</sup> Ito’y utang din sa matatapang na sina Tirona at Mascardo na silang nanguna sa pangkat na humuli sa mga naturang sibil.”

---

<sup>1</sup> Artemio Ricarte, "Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila" (Yokohama: 1927), p.13

<sup>2</sup> Sinasabi ni Heneral Ricarte sa pahayag na ito na marahil dahil sa tagumpay na tinamo ng Pangkat Magdiwang, nahikayat na rin ang Pangkat Magdalo (pangkat nina Emilio Aguinaldo at Baldomero Aguinaldo) na noong una ay tumutul sa pakikipaghihimagsik laban sa nga Espanyol.

## B. Mga Kaparaanang Ipinatupad ng mga Espanyol

Sa panahon ng pag-ugong ng pagtatanggol na isasagawa ng mga manghihimagsik, kagyat na naghanda si Gobernador Heneral Ramon Blanco ng isang planong paglusob. Sa pagsasalaysay ni Carlos V. Ronquillo, sinaad niya na:

“Kasabay ding ipinasiya ni Blanco na kaunin ng tatlong bapor ang apat na libong sundalong Tagalog sa Mindanaw at Jolo na umahon sa Maynila sa Tanghali ng ika-4 ng buwan ding iyon. At ang mga ito’y siyang ipinagkakalat sa mga bayang libot ng Kabite at sa mga kabisera sa iba’t-ibang Hukumang *estado de sitio* [kalagayan ng pagkubkob]. At ang mga *infanteria marina* sa Puwertong Kabite, ay kinaon ng ilan at ipinatauhang kasama ng mga marino sa ibang bayan ng Maynila.”<sup>3</sup>

Nagsagawa ng mga walang kadahilanang pagdakip kahit sa mga tahimik at nilalapatan ng walang pakundangang pagpapahirap. Upang aminin ang kanilang pagbibintang ay pinatitikim ng makailang palo at dagok hanggang sa magtamo ng mga sugat sa buong katawan, mabalian ng mga ang buto at, kung di makayanan ay tuluyang mamatay.<sup>4</sup>

Sa mga probinsya, halos ay kikigin ang punong katawan<sup>5</sup> ng matulis at matayad na patpat. Araw-araw ay halos di nawawalan ang bawat puwesto ng guwardiya sibil ng dalawa o lima na binabalian ng mga buto at tadyang; pinapalo sa tiyan at sa talampakan hanggang sa mga hinlalaki at pinaiinom ng maraming tubig hanggang sa mamutok-mutok ang tiyan, saka binubuhusan ng sukang may sili ang dalawang ilog. At kung di pa masiyahan ay binabaliting abot-siko, dinadala sa labas ng bayan at doon binabariil.<sup>6</sup>

## C. Pagtataguyod at Pagbawi

“Sa araw na ito, ika-31 ng Agosto, 1896, naganap ang nabigong paglusob sa Imus. Kinagabihan, sumaklolo ang Pangulo ng Sangguniang Magdalo na si Baldomero Aguinaldo at kusang loob na hinarap ang mga kalaban sa Imus. Dinala naman ni Emilio Aguinaldo ang tropa ng *Cavite el Viejo* sa Binakayan, upang talibaan ito dahil sa mga kalabang *Infanteria Marina* sa Polvorin, sa Puntod ng Kulanta. Ang kanilang balak ay hintayin ang kanilang pagpasok sa Binakayan, dahil sa kanilang palagay na kung sila ay lulusob ay hindi nila magagapi ang kuta na kanilang kinalalagyan sa Polvorin na malapit pa sa kutang Artelleria ng Arsenal sa

---

<sup>3</sup> *Ibid*, p.221

<sup>4</sup> Inilarawan din ni Ronquillo na “Saka kung matapos na ay ililipat sa sari-saring bilangguan na dito’y lalo nang pinapagdudusa; iniinis, ibinababad sa hanggang baywang na pusaling tubig, linulunod sa kasalat-salatan at mabahong paghinga at di-pinapakain hanggang sa tamuhin ang masaklap na kamatayan, at kung malisya pa rito, ay hinahatulan agad ng kabuktot-buktutang pagkitil ng buhay.” p. 221

<sup>5</sup> Ito ay tumutukoy sa ari ng lalaki.

<sup>6</sup> Ronquillo, Carlos V., Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (*Revolucion*) nang 1897, p.221-222

Kabite.“<sup>7</sup> Ito ang pahayag ni Heneral Emilio Aguinaldo sa kanyang *Mga Gunita ng Himagsikan*. Dagdag pa niya:

Nang kinahating-gabihan, dumating na ang tropang galing sa Imus, dahil sa nabigo ang pagsalakay dito, sa dahilang sa liwasang bayan pa lamang, bago pumasok ng kabayanan ay nakasagupa na nila ang patrulya ng mga *Guardia Civil*, at doon na sila naglaban sa plasa ng munisipyo at simbahan ng Imus. Ang mga kalaban ay napatayan nila ng dalawa, at dalawang baril ang kanilang naagaw. Samantalang ang kanilang hukbo ay nakaiwan naman ng isang sugatan sa munisipyo ng Imus, at ito’y si Teniente Marcelino Cajulis.<sup>8</sup>

Sa paglalahad pa rin ni Heneral Aguinaldo, “bilang paghahanda sa kauna-unahang gagawing pagsalakay sa mga kalaban, sa unang araw ng Setyembre, 1896, nagtungo si José Tagle<sup>9</sup> sa Kuwartel Heneral sa kumbento ng *Cavite el Viejo*, at nakipagkita kay Aguinaldo. Humingi ang una ng abuloy upang lusubin ang mga kalaban sa bayan ng Imus. Kaagad naman itong sinang-ayunan ng huli.”<sup>10</sup>

Sa ika-2 ng Setyembre 1896, isinalaysay din ni Heneral Aguinaldo na “ang pangkat na pinanguluhan ni Heneral Baldomero Aguinaldo, ay siya kong inatasang lilibawa sa dakong hilaga o norte, sa kanyang pagsalakay. Sa dakong timog ó sur, ay ang kawal naman ng *Capitan Municipal* sa Imus, si G. José Tagle, at sa pangharapan o liwasan ng kumbento at simbahan, ay ang aking pangkat, at ako pa rin ang nangunguna sa pagharap sa mga kalaban.”<sup>11</sup>

Itinuloy ang pagsasalaysay ni Heneral Aguinaldo ng ganito: “sa pagsisid ng mga naghihimagsik at sa pagsapit nila sa pintuan ng kumbento, ito ay nakapinid pa. Gumamit kami ng maso at palakol upang gibain ito. Nagawa naming makapasok sa loob ng kumbento. Ang inabutan lamang nila ay isang pareng Pilipino. Ito ay si Padre Buenaventura. Ito’y kapagkarakang humarap sa akin nang paluhod at humingi ng tawad. Kanyang ipinagtapat sa akin pagkatapos na kaaalis pa raw lamang ng mga *Frayle* at *Guardia Civil* na nagpanakbuhan sa takot, ng kanilang marinig ang tugtog ng banda ng musika at nang matanawan nila sa *torre* ang makapal na kawal naming dumarating. Dahil dito, muling nagtipon ang kanilang mga kawal. Hinati na naming muli ang grupo sa tatlong pangkat.<sup>12</sup> Isinagawa ang pagkubkob ng timog at kanluran na nababakuran ng matibay na *hacienda*.”<sup>13</sup>

---

<sup>7</sup> Emilio F. Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, (*National Centennial Commision at Cavite Historical Society*: 1998), pp. 93-94

<sup>8</sup> *Ibid.*, p.94

<sup>9</sup> Siya ang Pangulo ng Balangay Pilar at *Capitan Municipal* ng Imus

<sup>10</sup> Emilio F. Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, p. 95

<sup>11</sup> *Ibid.*, p.98

<sup>12</sup> *Ibid.*, pp. 98-99

<sup>13</sup> Sa paglalarawan ni Heneral Emilio Aguinaldo, ”ang *hacienda* ay may sukat na limang ektarya ang laki. Ang looban nito ay nakukulong ng matitibay at matataas na bakod na bato. Matatagpuan ito sa pampangin ng ilog, at saan ka man manggaling ay agad kang matutunghan ng nasa *torre* at ng nasa *hacienda*. “

“At palibhasa’y sa katibayan ng asyenda na tila sinadya iyon, at sa karamihan ng kaharap nilang mga guwardiya sibil, pare at legong prayle at taong-bayan pang basal ang ugali na pumanig doon, ay hindi ito nakuhang wasakin karaka kaya nga’t lumawig ang labanan hanggang sa umaga na kinabukasan. Siyang pagkatalo sa nasa asyenda na nangakukulong sila at lalang ng madlang paraan. Tinibag namin ang mga pader, sinunog ang kamalig<sup>14</sup> ng palay, hanggang akalaing idamay ang Bahay-uldóg sa kinaroroonan ng kinakaaway.”<sup>15</sup>

Isinalaysay rin ni Aguinaldo ang kanilang kinahantungan nang maganap ang pagsalakay. Aniya,

Bagama’t pinasalubungan kami nang kataku-takot na putok ng mga *Guardia Civil* mula sa *torre*, gayon din ng mga Frayle mula sa bintana ng *hacienda* sa ganitong pangyayari, at dahilan sa kabutihan ng mga sandata ng mga kalaban, ay lubhang marami ang nalagas sa aming mga kawal, at napauntol ang pagsisid ng aking mga kasamahan. Walang nakasunod sa akin sa tabi ng pinto ng *hacienda* kundi ang matapang niyang Sarhento *Cuadrillero* na si Guillermo Samoy.<sup>16</sup> Habang pinapalakol at binabareta ang malaking pinto ay lalong dinalas-dalas ang pamumutok na halos walang patumangga ng aming mga kalaban sa pangunguna ng balitang Kura na si Fray Eduarte.<sup>17</sup>

Ayon naman sa pagsasalaysay ni Ronquillo, “sa dalawang labanang iyon, ay nagdalawa ang palad ng mga Tagalog; isa ang pagkaurong sa Bakood (Bacoor) nang sumaklolo sa pamamahala ni Kapitan Emilio na kinamatayan ng dalawang kawal; at isang nabihag;<sup>18</sup> ikalawa’y ang pagkapagdiwang sa Imus na kinamatayan ng dalawang pare na dito’y isa ang kura sa Imus (Padre Jose Maria Learte),<sup>19</sup> dalawang *uldog* o legong prayle, isang tenyente (si Chacon),<sup>20</sup> (Juan Perez) (kabo) at isang kábo ng Guwardiya sibil na pawang Kastila, saka isang Tagalog na maruming dugo na noo’y kasalukuyang *juez de paz* doon,<sup>21</sup> Isabelo del Rosario; isang kapitan pasado, alipin at tagasulat ng mga asenderong prayle na kinilalang lubha sa tawag ng lahat na: “asong ganid ng prayle.”<sup>22</sup>

---

<sup>14</sup> “Si Juan Patricio ang nagsunog ng kamalig sa Asyenda ng Imus noong 2 Setyembre 1896 sa utos ni José Tagle” sang-ayon kay Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (Revolución) nang 1897, p.282

<sup>15</sup> *Ibid.*, p.282

<sup>16</sup> Nasawimpalad na tinamaan siya sa tagpong ito.

<sup>17</sup> Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, p. 100-101

<sup>18</sup> Tatlo ang ibinigay na mga pangalan ni Ronquillo, sina Juan Raturat, Rufino Magos at Mariano Miguel. Samantalang si Victorino Sambile ang bihag na binabanggit.

<sup>19</sup> Siya ay dating Probinsyal Rekoletto, kura paroko ng Imus 1896 hanggang sa napatay ng mga Katipunero

<sup>20</sup> Si Enrique Chacon ay *primer teniente* ng 20 *tercio infanteria* ng guwardiya sibil sa Imus. Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (Revolución) nang 1897, p. 700

<sup>21</sup> Si Juan Fajardo ang hukom tagapamayapa ng Imus noon.

<sup>22</sup> Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (Revolución) nang 1897, p. 282

Agad na ibinalita ni Koronel José Tagle kay Heneral Emilio Aguinaldo ang tagumpay na nakamit nila laban sa mga kaaway. Inulat niya na,

Napatay po naming lahat sa tugisan ng kanilang mga gulukan ang lahat ng mga Frayle at *Guardia Civil*, nang sila'y maglabasan sa bahay *hacienda* noong mga sandaling kayo'y nakikihamok sa mga kalaban sa Bakood. Ganoon na po lamang ang sigla at tapang ng ating mga kawal sa pagtutugisan, at ang ganyan ay nagbunga ng isang malaki nating tagumpay, pagka't nakakuha po kami ng may 30 baril na *Remington*, 2 ripleng magagaling na *Winchester* na ginagamit ng mga Frayle, 1 kanyon *de montaña*, at libu-libong bala na aming nangasamsam sa bahay *hacienda* na kanilang iniwan.<sup>23</sup>

Ang magandang balita ni Koronel Tagle ng Imus ay tinugon naman ni Heneral Aguinaldo ng ganito:

Naniniwala ako na sa pakikihamok nating ito sa kaharian ng Espanya, upang makalagot sila sa kaalipinan, ay nasa piling natin ang Diyos na lalong makapangyarihan sa lahat. Alam ng Maykapal na iisa lamang ang ating layon, dili iba't ang mahango sa dustang kalagayan ang ating Inang bayan.<sup>24</sup>

Ang pagsaklolo ng mga bayan na sakop ng Sangguniang Magdalo gaya ng *Cavite el Viejo* sa pagtatanggol ng Imus ay naging mahalaga sa larangan ng pagpapatag ng hanay. Isang malaking tagumpay nang makubkob nila ang *hacienda*, at tuluyang mapalayas ang mga prayle at *guardia civil* na naghihimpil doon, pati na rin ang mga sandatang kanilang nasamsam na ginamit sa sumunod na pagtatanggol at pagsalakay. Mapapansin sa winika ni Aguinaldo ang tibay ng pananampalataya ng mga naghihimagsik sa Maykapal, na itinuring nila bilang isang Kapanalig.

Kapagkaraka'y ipinag-utos ni Heneral Aguinaldo na ang mga sandatang nasamsam sa labanang iyon sa Imus ang gagamitin sa mga susunod pang labanan. Agad din niyang ipinatayo ang bateriya upang hindi sila maunahan ng mga kalaban. Nag-iwan din si Heneral Aguinaldo kay Koronel José Tagle ng ilang mga bilin.<sup>25</sup>

---

<sup>23</sup> Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, p. 114

<sup>24</sup> *Ibid.*, p. 114

<sup>25</sup> *Ibid.*, p. 114

Ipinag-utos ni Heneral Aguinaldo na:

Una: Ipagiba agad ang isang arko ng tulay na bato sa kabilang pampang ng *hacienda*.

Ikalawa: Magtayo agad ng trintsera sa may lihim na lugal sa kabilang pampang ng ilog tapat ng pagdaraan ng mga kalaban na nangagaling sa Bakood.

Ikatlo: Ang lahat ng barilan at gulukan ay manganganlong sa itatayong tanggulan, at sinuman ang huwag magpapakita o magpapaputok ng baril kahit naririto na ang mga kalaban, samantalang hindi pa pumuputok ang kanyon, sa putol na tulay o arkong giba na kaniyang kinalalagyan.

Sumunod namang kinaharap ng mga manghihimagsik ang tinaguriang Kolumnang Togores-Garcia.<sup>26</sup> ng *texto oficial* ng mga Kastila. Napaurong ng Kolumnang ito ang munting pulutong nina Aguinaldo sa bayang Bakood. Tumuloy ang Kolumna sa bayan ng Imus nang araw ding iyon (ika-2 Setyembre). Nagkaputukan nga ng pinagsanib na pangkat nina Togores-Garcia ang mga nagtanggol sa Asyenda. Umurong naman ang nasabing Kolumna na nagtatakbuhan sa Asyenda.<sup>27</sup> Dito sila nagtago at ginamot din ang mga sugatang iniurong nila.

Dinagdagan ni Gobernador Heneral Blanco ng isa pang pulutong ang Kolumna. Ang mga Kolumnang nagsilakad na patungong Imus ay pinamunuan ng Tenyente Koronel Togores at Garcia at sumaklolo sa Imus, kalakip ng pulutong ni Aguirre. Ang pulutong na ito’y pawang artilyero at isang seksyon pa ng mga *guardia civil*. Ayon kay Ronquillo,

Ang tangka ni Blanco kaya si Aguirre ang siyang pinalakad, ay upang pamunuan ang tanang pulutong; at ang sa ganito’y mapilit ding kunin ang bayan ng Imus sa pamamagitan ng dalawang piyesa ng *cañon Plasencia*<sup>28</sup> sa tulong ng gayong karaming sundalo; (200 mahigit) at kundi mangyari’y kilanlin lamang na tunay kung paanong anyo’t mga kalagayan mayroon ang Imus, kaya si Aguirre ang siyang pinalakad.<sup>29</sup>

Itinuring ni Heneral Aguinaldo ang naganap na labanan noong ika-2 ng Setyembre 1896, bilang una niyang pagkabigo sa hukbo ng mga Espanyol. Dumating sa Kuwartel Heneral, sa Kumbento ng *Cavite el Viejo*, si Gil Ignacio, Pangulo ng balangay “Gargano”<sup>30</sup> ng Katipunan. Humingi sila ng tulong dahil sa makapal na *Infanteria*, *Caballeria*, at *Artilleria* na nasa Pulang Lupa (sa Parañaque), at Las Piñas, na sasaklolo sa *hacienda* sa Imus na nakukulong ng mga manghihimagsik ng Imus.<sup>31</sup>

Ika- 3 ng Setyembre nang tumungo ang pangkat ni Heneral Aguinaldo sa Imus. Pinutol ng mga manghihimagsik ang Tulay ng Isabel II sa tabi ng Asyenda ng Imus.<sup>32</sup> Dahil sa ganitong pagkabigla ng pangkat ng mga Espanyol, sila ay

---

<sup>26</sup> “Si José Togores ng *caballeria* Espanyol, na nang lumao’y tenyente koronel at, naging Pangulo ng Hukumang Digmaang lumitis kay Jose Rizal, Disyembre 26,1896.” Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (*Revolución*) nang 1897, p. 701

<sup>27</sup> Sa bahagi ng Bacoor, sa barangay San Nicolas sa kasalukuyan.

<sup>28</sup> Ipinangalan kay Koronel Plasencia, ang imbentor ng uri ng kanyong ito.

<sup>29</sup> Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (*Revolución*) nang 1897, p. 287

<sup>30</sup> Ito ay Bacoor. May kasama pa siyang dalawa pang Katipunero mula sa lugar.

<sup>31</sup> Ang tinutukoy na nakukulong sa loob ng *hacienda* ay ang mga asyenderong paring at ilang mga *guardia civil*. Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, p.105

<sup>32</sup> Dagdag pa ni Ronquillo, na “ang tinutukoy ay ang Tulay ng Isabel II sa may Daang Liko, Imus, ay ginawa ni uldóg Matias Carbonel de la Concepción (1806-1861). Siya ay naging katiwala ng Asyenda ng Imus noong 1856 nang ang gobernador pulitiko-militar ng lalawigan ng Cavite ay si Koronel Gabriel de Llamas at namamahala namang Gobernador-Heneral ng Pilipinas ay si Manuel Crespo. Isang medalyang ginto ang iginawad kay uldóg Matias na noo’y Gobernador Ramón Monteró ng Pilipinas.” Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (*Revolución*) nang 1897, p.701

nagkagulo. Ito na ang hudyat ng walang tigil na putukan sa pagitan ng magkabilang panig.

Tumagal nang halos maghapon ang labanang ito sa Imus. Pagkatapos ng labanan at umalis na ang mga kalaban, at naiwan ang may dalawang karitong bangkay. Nakakuha ang mga manghihimagsik ng 70 baril na *Remington*, at ang sableng naiwan ni Heneral Aguirre. Ipinasiya ng Sangguniang Bayang Magdalo na ilipat ang Pamahalaang Panghihimagsik sa bahay *hacienda* sa Imus. Naghirang din sila ng mangagsisipamuno ng pagpapanibagong tatag ng Pamahalaang Magdalo,<sup>33</sup> at ang mga ito ay ang mga sumusunod:

*Pangulo:* G. Baldomero Aguinaldo  
*Secretario de Guerra:* G. Candido Triá Tirona  
*Secretario de Hacienda:* G. Cayetano Topacio  
*Secretario de Fomento:* G. Glicerio Topacio  
*Secretario de Agricultura:* G. Felix Cuenco  
*Secretario de Justicia:* G. Sixto Espinosa  
*Teniente General en Jefe Abanderado:* G. Emilio Aguinaldo

Ang pamahalaang Magdalo ay inilipat sa Imus mula sa *Cavite el Viejo*, na pinamalagian hanggang noong kalahatian ng Marso ng 1897 na kinuha naman sa Imus ng mga Espanyol, at ikinapatay tuloy noon ni Tenyente Heneral G. Crispulo Aguinaldo, kapatid ni Emilio Aguinaldo.<sup>34</sup>

Nagpasiyang lumusob sa Cavite ang bagong Gobernador Heneral na si Camilo Garcia de Polavieja. Binuo ito ng 40,000 Infanteriang Espanyol na kararating lamang buhat sa Espanya sa pangunguna ni Heneral Lachambre. Ang planong paglusob ay itinakda sa ika-15 ng Pebrero 1897.

Nagpulong ang dalawang Sangguniang Bayan sa Cavite<sup>35</sup> ukol sa pagtugon sa paglusob na isasagawa ng mga Espanyol. Layunin ng pulong ang pagsasanib na dalawang Balangay, maghalal ng isang pamahalaan lamang, isang

---

<sup>33</sup> Ayon pa kay Aguinaldo,

“Ang panibagong pamahalaan ay nagpasinaya agad sa pagkakatatag ng *maestranza* ó gawaran ng sandata at iba pa, sa kapakanan ng himagsikan sa isang kamalig ng *hacienda*. Pinatayuan ko ito ng mga aparatus ng ginagamit sa pagrerecarga ng mga kartuchos ng baryo para sa sariling gamit at pagbubuo ng baril na nasisira sa pangangasiwa ni Coronel Eduardo Legaspi *alias* Dodong. Dito rin ipinapagawa ang mga kanyong tubong bakal ng mga kaldera, na nililikawan at binabalutan muna ng kawad bago lalapatan pa ng magkabiyaq na kahoy *molave* ó *gijo*, tuloy bubukluran ng sunud-sunod na plantsuelang bakal. Ang mga kanyong tanso ay dito rin ginagawa at binubuo, pati ang mga kampana ng simbahan na binabasag bago tutunawin at bago ihuhulog sa buwan para maging kanyon. Ito’y sa pamamatnugot ni Heneral Ignacio Pawa, isang Tsino.” Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, p.132

<sup>34</sup> Artemio Ricarte, Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila, (Yokohama: 1927), p.27

<sup>35</sup> Sangguniang Bayang Magdalo at Sangguniang Bayang Magdiwang



pamunuan at maghirang ng magsisipamahala. Ngunit walang napagtibay sa mga layuning itinakda. Pinagpaliban nila ang pulong pangkalahatan.<sup>36</sup>

Dahil sa malungkot na kaganapang ito, nakapagbitaw ng mabigat na salita si Heneral Artemio Ricarte sa gitna ng gusot sa pagitan ng dalawang Sanggunian. Aniya,

Ang dalawang Pamahalaang ito ng Panghihimagsik ay lumakad nang buong kahusayan sa pamamatnubay ng isang magiting na pag-ibig sa tinubuang-lupa, nang walang ibang tunguhin kundi ang layang ikinalilikha ng Katipunan; kung kaya, ang anumang nagiging kakulangan ng isa, ay napupunan ng isa, at kahit saan dako magipit ang isa sa pakikilaban, ay patakibong sinasaklolohan ng isa; ngunit napakapait alalahanin ang nangyari nang dakong huli, samantalang napapalapit ang pagtatapos ng taong 1896, ang dalawang Pamahalaang iyan ay walang abug-abog na nagwalang-bahala kapwa sa mga pangangailangan at kapahamakang inaabot ng isa, hanggang sila’y nagtatanimang unti-unti, at lumala nang lumala hanggang sumapit ang sandaling muntik nang ipagbaka ng mga magkababayan din.<sup>37</sup>

Isinalaysay ni Heneral Ricarte, ang paghahandang isinagawa ng mga manghihimagsik. Nagsisipaghanda, nagtayo ng mga tanggulang makakapal at matataas, gumawa ng mga hukay at yungib ang mga naghihimagsik sa lahat ng pook na inakalang daraanan ng mga kaaway. Aniya,

“Bahagya pa lamang sumisikat ang araw ng ika-16 ng Pebrero, 1897, ay nagsimula na ang mga kakila-kilabot na paputok ng mga kanyon at baril sa mga pangunahing tanggulan nasa pagitan ng Las Piñas at Bakood at gayon din naman sa mga nasa Silang at sa mga nasa pagitan nito ang Santa Rosa (Laguna de Bay.) (Ang mga tanod ng himagsikang nasa mga tanggulan sa Bacoor na pinamamahalaan ng mga Koronel Pio del Pilar, Mariano Noriel, at Agapito Bonson, na sinamahan pa ng mga kawal na sina San Gabriel at Montalan mula sa Noveleta at ng mga kawal ng Imus sa piling ng Komandante Lucas Camerino at saka ng pangkat ni G. Andres Bonifacio.”<sup>38</sup>

Mahalaga at makulay ang ginawang paglalarawan ni Ricarte sa kanyang *memoir*. “Halos hindi maaninag noong Pebrero 16 ang tanawin na nilukuban ng matinding panganganyon at pagpapaputok ng riple sa unang linya ng trintsera sa pagitan ng Bacoor at Imus, ganoon din sa bayan ng Silang at Santa Rosa sa Laguna.

---

<sup>36</sup> Ayon pa kay Aguinaldo,

“Gayunpaman, sa aking sariling palagay, ay tila mandin huli na sa panahon ang ganitong pag-iisa ng dalawang pangkat ng mga manghihimagsik sa Kabite pagka’t tayo’y nagagapi na ng mga kalaban, at sa katunayan ay nakuha na ang bayan ng Silang at Dasmariñas.” Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, p.230

<sup>37</sup> Artemio Ricarte, Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila, (Yokohama: 1927), p. 18

<sup>38</sup> *Ibid.*, pp. 225-226

Ipinagtanggol ng mga naghihimagsik ang garison sa Bacoor sa ilalim ng pamumuno nina Koronel na Pio del Pilar, Mariano Noriel at Agapito Bonson, na sinaklolohan ng mga tropa sa Noveleta sa ilalim ng mga Kapitang sina Gabriel at Montalan, kasama ng mga Tropa sa Imus sa pangunguna ni Mayor Lucas Camerino, at sina Andres Bonifacio sa ilalim ni Brigadyér-Heneral Lucino. Sa maikling labanang naganap sa gabi at araw, nanatili sa mga trintsera ang mga naghihimagsik hanggang ika-26 ng Marso 1897 na lumikas din dahil sa pagkuha ng mga Espanyol sa Imus noong Marso 25. Umatake ang mga ito mula sa bahay-ari-arian sa Salitran na nasa pagitan ng Imus at Dasmariñas.”<sup>39</sup>

Nagpapatunay lamang ito na ang Himagsikan ay hindi lamang pagtatanggol na inilunsad ng iilang mga pinuno, kundi higit sa lahat, ang paglahok ng nakararaming kababayan upang mapagwagian ang pakikipaglaban. Ang lahat ng ambag ng bawat naninirahan sa bayan, maliit man o malaki, ay tunay na makabuluhang ambag sa tagumpay ng Himagsikan. Tunay na masalimuot ang mga panahong ito na halos hindi mo mapanghawakan ang magaganap o kahahantungan nito sa kinabukasan.

Ayon pa kay Heneral Ricarte,

Sa buong maghapon ng ika-16 at 18 Pebrero (1897) ang mga Espanyol ay lagi nang gumawa ng mga pagtatangka, sa tulong din ng mga kanyon at pandigmaang-dagat, upang kanilang masalakay at makuha ang bai-baitang na mga tanggulang naghihimagsik; ngunit walang nangyari. Araw-gabing nanatili ang ating mga kawal sa mga tanggulang hanggang ika-16 ng Marso 1897 na ikinapagkuha sa Imus noong ika-25 ng mga Kastilang nagbuhat sa sunog na bahay-asyenda sa Salitran, na nasa pag-itan ng Dasmariñas at Imus.<sup>40</sup>

“Sa isa sa mga huling araw ng Marso, 1897, umalis ang mga Kastila sa Imus. Dumaan ang mga ito sa mga lumang sakahan sa dakong timog ng kabayanan ng *Cavite el Viejo*. Pumasok ang mga ito sa lupang sakop ng San Francisco de Malabon hanggang makarating sa nayon ng Bakaw ng naturang bayan. Nakuha nila ang Noveleta sa pag-urong sa labanan. Ang tanggulang ito, na di nakuha kailanman ng mga Kastila, ay napilitang iwan ng mga tanod na pinangungunahan ni Heneral San Miguel.”<sup>41</sup>

Inatasan ni Heneral Aguinaldo<sup>42</sup> sina Heneral Baldomero Aguinaldo, Heneral Pantaleón Garcia, at iba pang mga naghihimagsik gaya nina Koronel Jose

---

<sup>39</sup> *National Historical Institute, Memoirs of General Artemio Ricarte*, (Manila: National Historical Institute, 1992), pp. 32-33

<sup>40</sup> Artemio Ricarte, *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila*, p. 47

<sup>41</sup> Ayon kay Aguinaldo,

“Kung kami man ay napaurong at nagtakbuhan sa labanang ito, ay parang nagtagumpay din kami sa pangayayaring katakut-takot na dami ng bulagtagang bangkay na naiwan nila sa amin.” Emilio F. Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, p.246

<sup>42</sup> May karamdaman si Aguinaldo na *malaria* na nagsimula pa sa labanan sa Bayang Luma. Ayon kay Aguinaldo na “Sadyang ipinag-adya ako ng Maykapal gayon din ang ating Inang Bayan. Ang totoo, ako’y di halos makatakbo sa pag-urong na ito sapagka’t nanghihina na

Topacio, Koronel José Tagle, at iba pa na sila na ang bahalang magtanggol sa kabayanan ng Imus.

Sa patuloy na pagsasalaysay ni Heneral Ricarte, winika niya na “nakuha rin ng mga naghihimagsik ang mga kuwartel ng mga Guwardiya Sibil sa Noveleta, San Francisco de Malabon, Quintana, Naik, Pulangi, Magallanes, Alfonso, Silang, Paliparan,<sup>43</sup> at Imus. Nagamit sa paghihimagsik ang mga naagaw na mga baril at amunisyon, kabilang na ang mga kinukumpuni gaya ng mga lantaka na yari sa tubong bakal na matibay na tinalian ng kawad ng telegrapo, at ang mga kanyong inihagis sa pundisyon sa Imus sa pangunguna ng Kristiyanong Tsino na si (Heneral) Jose Ignacio Paua. Siya ay taga-Maynila ngunit naninirahan sa *San Francisco de Malabon*.”<sup>44</sup>

Sa pagpapatuloy ng salaysay ni Heneral Ricarte, inusal niya na,

“Sa huling bahagi ng Marso, habang ang mga Espanyol ay lumikas sa Imus at tumawid sa palayan sa timog ng *Cavite Viejo*, tinahak nila ang San Francisco de Malabon at naabot ang pinakamalayang lugar ng Bacao. Sa ika-4 ng hapon, nakasagupa nila ang pangkat ni Bonifacio, at ng Magdiwang. Iginiit ng mga naghihimagsik sa kahit anong paraan na itulak sa Imus ang mga Espanyol ngunit sila ay nabigo. Nanatili ang mga Pwersang Espanyol sa baryo nang gabing iyon.”<sup>45</sup>

Muli namang nabawi ng mga manghihimagsik ang bayan ng Imus noong ika-28 ng Marso, taong 1898. Matatandaang inokupa ng mga manghihimagsik ang Imus noong unang araw ng Setyembre, taong 1896. Naging himpilan naman ng Kapulungan ng mga Naghihimagsik ang naturang bayan noong Hunyo, 1897.

Ayon sa pagtalakay ni Arsenio Manuel sa mga tala ni Tomás Tirona, “hindi rin nakaligtas ang mga ministro ng Simbahan sa Himagsikan, partikular sa lalawigan ng Cavite. Hindi maganda ang naging tadhana ng paring Recoleta na si Padre José María Liarte, at iba pang mga residenteng Espanyol sa bayan ng Imus. Tinadtad ang bahaging katawan ni Padre Liarte, at ang iba naman ay pinana at pinagtataga hanggang sa kamatayan ng mga ito. Muling nabuhay sa alaala ng mga naninirahan sa lugar ang mga kawalang-katarungan, paninirang-puri, at kalupitang kanilang sinapit sa kamay ng mga mananakop, karaniwang tao man o relihiyoso. Ang pagsiklab ng kanilang poot ay hindi humupa kahit pa sa pagtatapos ng Himagsikan.”<sup>46</sup>

---

ako, bakit ako’y inaapoy ng lagnat kaya nagpagapang-gapang lamang ako sa bambang (kanal) ng patubig sa kabukiran at sa ibaba ng tulay ng kung tawagin ay “Kay Julian.” Patang-pata ako noon pagka’t nagkataon noon na ang dati kong karamdamang “*Malaria*” ay muli na namang sumumpung sa akin.” Emilio F. Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, p.247

<sup>43</sup> Isang barangay ito sa bayan ng Damariñas.

<sup>44</sup> *National Historical Institute, Memoirs of General Artemio Ricarte*, p. 11

<sup>45</sup> *Ibid.*, p. 42

<sup>46</sup> Arsenio Manuel, *Biography of Tomás Tirona*, p.339

Malaki ang naging bahagi ng pamilya Topacio ng Imus, partikular sa katauhan ng tatlong heneral ng naghimagsik na sina Heneral Licerio Topacio,<sup>47</sup> Cayetano Topacio,<sup>48</sup> at Felipe Topacio. Nahikayat nila ang kanilang mga kamag-anak, partikular na si Heneral Licerio Topacio,<sup>49</sup> na maging bahagi ng pagtatanggol sa lalawigan laban sa mga Espanyol.

Kabilang si Licerio Topacio sa matandang henerasyon na kabilang sa Himagsikan at 57 taon gulang na siya noong 1896. Naging bahagi si Heneral Topacio ng mahigit sa isang depensa ng Imus. Kabilang siya sa tinukoy ng Pangulo ng Magdalo na si Baldomero Aguinaldo na dumalo sa Kumbensyon sa Tejeros noong Marso 22, 1897.

Ayon naman sa pagtalakay ni Ordoñez, na “sa kabila ng kanyang katandaan, nagsilbi at nakipaglaban siya sa buong panahon ng Himagsikan, mula sa maagang tagumpay sa Cavite at mga kalapit na lalawigan hanggang sa pag-agaw ng Cavite, at paglalakbay ng mga manghihimagsik sa Biak-na-Bato, ang pagpapatuloy ng labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Espanyol sa panahon ng labanan sa pagitan ng pagpapatapon kina Aguinaldo sa Hongkong, ang pagtatag ng Republika ng Malolos noong 1898, hanggang sa pagsimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899. Napabilang si Heneral Licerio Topacio sa hanay nina Heneral Tinio sa rehiyong Ilokos nang mahuli si Emilio Aguinaldo sa Palanan noong 1901.”<sup>50</sup>

Samantalang “si Cayetano Topacio, kilala sa tawag na Kapitan Kanoy, ang Kalihim ng Pananalapi sa Sangguniang Magdalo. Tinukoy din siya bilang *Jefe de Gobernación de Departamento del Sur de Luzon* na kaniyang hinawakan hanggang sa pagtatapos ng Himagsikan. Kabilang din si Kapitan Kanoy sa ginanap na Kumbensyon sa Tejeros noong 1897.”<sup>51</sup> Matatandaan na dito ginanap ang halalan hinggil sa pagtatag ng bagong pamahalaang hahalili sa pamahalaan ng Katipunan na tutugon sa mga bagong pangangailangan.

Ang tagumpay ng mga naghihimagsik sa bayan ng Imus ay nakataak na sa kasaysayan ng lalawigan ng Cavite. Ang sama-samang pagkilos, paglahok at

---

<sup>47</sup> Ayon kay Elmer Ordoñez, sa kaniyang akdang, *Capitang Seryo: The Story of General Licerio Topacio*, si “Itay Seryo ay ipinanganak sa bahay na bato noong Agosto 27, 1839, nang mag-asawang Miguel Topacio at Martina Cuenca (Bacoar.) Napangasawa niya si Teodora Viña na namatay naman bago ang Himagsikan. Nagkaroon sila ng sampung anak: Candido Andres (na naging Koronel ng Himagsikan), Remigio (Koronel), Eugenio (Opisyal ng Rebolusyonaryong Sandatahan), Juan, Eugenia, Aurelia, Constancia, Juliana at Maria. Namatay siya noong Abril 19, 1925 sa edad na walumpu’t anim.

<sup>48</sup> Ayon naman kina Saulo at De Ocampo, *History of Cavite: the Mother Ground of Philippine Revolution, Independence, Flag and National Anthem*, isinilang si Cayetano Topacio noong Agosto 9, 1850 ng mag-asawang Modesto Topacio at Ines Palma. Ipinadala siya sa Maynila pagkatapos ng maagang pag-aaral. Nanirahan siya sa kanyang pamilya sa Imus, at napangasawa si Petra Concepcion. Namatay siya noong Agosto 17, 1943 sa edad na siyamnapu’t tatlo.

<sup>49</sup> Si Licerio Topacio ang pinuno ng pwersang Rebolusyonaryo noon.

<sup>50</sup> Elmer A. Ordoñez, *Capitang Seryo: The Story of General Licerio Topacio*, (Paragraphics, 1998)

<sup>51</sup> Saulo at De Ocampo, *History of Cavite: the Mother Ground of Philippine Revolution, Independence, Flag and National Anthem*, (Cavite: Trece Martires, 1985)

pagdadamayan ng mga taga-Imus ang patuloy na gumagabay sa mga taga-Imus upang ipagpatuloy ang magandang simulain ng kanilang mga mahuhusay na pinagmulang-lahi.

#### **D. Ang Pagtugon ng Bayan**

Marami ang dumanas ng mga pagpapahirap kapag nahuli sila ng mga kalaban, sa kabila ng kawalang kasulatang pagsusuri. Nagtiis ng hirap ang mga lalaki at pati ang mga babaeng asawa, kapatid, o hipag man ng mga punong nanghihimagsik na kanilang nahuli.

Inilarawan ni Ronquillo ang kinasapitan ng pagpapahirap sa mga Tagalog sa kamay ng mga kaaway sa ganitong paraan;

Dahil nga rito’y siyang lalong ikinalubha ng Panghihimagsik. Ang mga tahimik ay nangag pilitang maglagós sa parang at walang ibang pangulong tika sa pakikiaway, kundi ang kamaganakan, na walang ibang sandata kundi ang garote at gulok, pang-ibong baril at sibat na kawayan, buho o patalim; *pelang* (isang uri ng gulok o itak), palakol at pana, na mahaharap sa daan-daang kaaway na nagsisiusig at panay barilan.<sup>52</sup>

Nang naganap na nga ang kaguluhan noong ika- 31 Agosto 1896, nang maramdaman ng mga taumbayan ang mga unang pagkilos ng mga puno, naglabasan sila at tangan nila ang matutulis na yaring balaraw. Ang iba naman ay mga gulok na luma ang nasa kamay. Mayroong may bitbit na palakol, at mayroon pang nakasuksok sa baywang na pait.

Sa panahong nagtagumpay sa pakikikamok ang mga naghihimagsik sa Imus, masigla at walang takot na sigawan ng madla ang narinig sa kabayanan, hanggang sa kasuluk-sulukang pook ng lalawigan.

Sang-ayon kay Heneral Artemio Ricarte, “wala pang isang linggo noon at ang karamihan sa mga bayan, matapos pasukin ang mga bantay na sibil sa kani-kanilang pook, ay nagsianib sa Sangguniang Bayang Magdiwang ang iba, at ang iba nama’y sa Sangguniang Bayang Magdalo. Mula nga noon ay nahulog ang buong lalawigan ng Kabite sa kapangyarihang naghihimagsik (maliban ang pangulong bayan at ang San Roque, La Caridad at Carmona, saka ang himpilan ng mga kawal na impanteryang pangdagat sa Binakayan na sakop ng *Cavite el Viejo* at ang guardiya sibil sa pook ng Carmen (Puting Kahoy) na nasasakupan ng Silang.”<sup>53</sup>

Naghanda ang mga naghihimagsik, Katipunero man o hindi, laban sa mga Espanyol, na papasok sa Imus noong unang araw ng Setyembre, taong 1896. Inilarawan naman ni Emilio Aguinaldo ang pakikisangkot ng mga Tagalog,

“Masayang-masaya kami dahil sa hatid pa kami ng banda ng musika na lubos na nakabubuhay ng loob sa paglakad. Ang bawat

---

<sup>52</sup> Carlos V. Ronquillo, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (*Revolución*) nang 1897, p. 222

<sup>53</sup> Artemio Ricarte, Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa Kastila, p.14

lalaking madaanan at makatanaw sa kanila ay kusang loob at agad-agad nangagsisisama sa tropa, pagkatapos makuha ang kani-kanilang sibat at gulok, kaya't nang dumating kami sa tulay Balimbing, bago pumasok ng kabayanan ng Imus, ay namasdan nito na ang kasama niyang kawal ay mahigit pa sa dalawang libong katao.”<sup>54</sup>

Ika- 2 ng Setyembre naman nang minadali ng mga taumbayan sa buong magdamag ang pagtatayo ng mga trintsera. Isinagawa nila ito sa pamamagitan ng mga hukay-hukay na nilagyan ng mga lusong at puno ng saging. Tulung-tulong at matagumpay din nilang pinutol ang tulay at giniba ng arko. Dito nila inilagay ang kanyon *de montaña* na tinatakpan ng mga dahon ng kahoy at paharap sa daang pangagalingan ng mga kawal ng Espanya.

Muling nakihamok laban sa malaking pulutong ng kabalyeriyang sibil ang bagong puwersang nakaharap doon. Umurong ang mga Espanyol dahil sa sigawan ng makapal na dami ng tao na nag-ipon sa asyandang naagaw. Pagdating ng ilang mga taga-Imus sa tagpuan, inanyayahan ang lahat ng naghihimagsik upang magsikain. Ang lahat ng bahay ay naghandang wala namang humihiling sa kanila. Pinahalagahan ito at batay sa paglalarawan ni Aguinaldo:

Ang gayong kagandahang-loob ng mga taga-Imus, ay hindi malimut-limutan ni Aguinaldo pagka't iyan ay nagpapakilala ng kanilang pag-ibig sa ating bayan sa pagkalulunggating lumaya. Ang kagandahang loob nilang iyan ay kailangang maisulat ng ganitong panitik sa kasaysayan ng ating paghihimagsik laban sa España.<sup>55</sup>

Ang pagsalubong at pagtugon ng taumbayan sa gitna ng pakikipaghimagsik ay nagpakita ng kanilang pakikiisa na wakasan na ang pananakop ng mga Espanyol. Malaking tagumpay ang nakamtan, at nahango ang bayan ng Imus mula sa mga Espanyol dahil sa rin sa walang kapagurang pakikiisa sa Himagsikan. Nararapat ding banggitin ang pagtulong ng mga maykaya sa bayan ng Imus, lalo na sa mga ibinigay nitong mga abuloy na kinailangan sa paghihimagsik.

Sa pagwawakas, tinangkang mailarawan ang kabuuang kalagayan ng bayan sa panahon ng pakikihamok laban sa mga kaaway. Ipinagmamalaking sinabi ni Aguinaldo ang tagpong ito sa kasaysayan;

Sa simula ng pagbabangon hanggang maitatag sa Imus ang bagong pamahalaan, ang mabuting pagsusunuran at pag-iibigan ng mga taong bayan at ng naghihimagsik ang siyang naghari at totoong kahanga-hanga. Dahil dito, walang mababalitaan man lamang na nakawan o kaligaligan, ni nanggagahasa o nanghaharang na nangyayari mapa-araw at mapa-gabi. Ang

---

<sup>54</sup> Emilio F. Aguinaldo, Mga Gunita ng Himagsikan, pp. 96-97

<sup>55</sup> *Ibid.*, pp. 100-101

lalong kalugud-lugod sabihin ay sa buong magdamag ay nakapaglilibot, babae at lalaki nang buong katahimikan na walang sinumang gagambala sa sinuman, at pawang kapatid ang batian at tawagan.<sup>56</sup>

Ang Himagsikan, kung gayon, ay lumikha ng matibay na ugnayan ng taumbayan at mga naghihimagsik bunsod ng pagdadamayang at pagkakaisa. Lumikha ng isang matatag na samahan at pagkakasundo na lalo pang pinatatag ng pagpapahalaga at pagkilala sa kagalingan ng bawat isa. Nagluwal din ito ng isang mapayapang at matiwasay na daloy ng pamumuhay. Nagturingan hindi lang magkababayan, kundi higit sa lahat, bilang mga pagkakapatid na binigkis ng adhikaing kamtin ang kapayapaan, kaluwalhatian at kalayaan.

### **PAGLALAGOM**

Dumanas ng matinding pagsasamantala at pagpapahirap ang mga naninirahan sa Imus sa huling bahagi ng dantaon 17, ang panahon nang ang malaking bahagi ng bayan ay pinagharian ng mga Espanyol.

Naging mitsa ng paghihimagsik ang mga pagsasamantalang inihasi ng mga asyendero sa mga umuupa, kabilang na ang mga dumanas ng pag-agaw ng kanilang lupain. Umangat ang anyo ng pakikibaka, mula usapin ng lupa, at tumuloy ito sa isang malawakang Himagsikan kung saan ang tagpuan ng labanan ay naganap sa bayan ng Imus. Inilipat sa Imus ang tanggulan ng pamahalaang Magdalo. Dumanas ng sanlaksang pagkasawi sa hanay ng mga nagtataguyod sa bayan hanggang sa tuluyang mabawi ang Imus mula sa mga Espanyol.

Mahalaga ang ginampanan ng mga pamilyang Tirona, Tagle, Topacio at iba pa, hindi lamang sa larangan ng pagtatanggol sa bayan sa panahon ng Himagsikan. Ipinagpatuloy nila ang pagsisilbi sa bayan ng Imus mula sa panahong ito hanggang sa panahon ng paglaya.

Hindi tumigil ang mga manghihimagsik na itaguyod ang kagalingang pambayan sa panahong makamit na ang tagumpay mula sa pambubusabos ng mga ordeng relihiyoso at opisyal na Espanyol. Umukit sa kasaysayan ng bayan ng Imus ang walang katumbas na pag-aalay ng buhay ng mga taumbayan ng Imus, at sa mga kanugnog nitong bayan, partikular na ang mga kabilang sa Bayang Sangguniang Magdalo gaya ng Bacoor, Kawit at Dasmariñas. Tunay na inaalala ang kanilang kabayanihan hanggang sa kasalukuyan at ipinagmamalaki bilang mga pangunahing tauhang historikal ng bayan ng Imus.

### **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ang mga pagsasamantalang inihasi ng mga asyendero sa mga umuupa, kabilang na ang mga dumanas ng pag-agaw ng kanilang lupain, ang naging mitsa ng paghihimagsik. Umangat ang anyo ng pakikibaka, mula usapin ng lupa, at tumuloy ito sa isang malawakang Himagsikan kung saan ang tagpuan ng labanan ay naganap

---

<sup>56</sup> *Ibid*, pp. 130-131

sa bayan ng Imus. Dumanas ng sanlaksang pagkasawi sa hanay ng mga nagtataguyod sa bayan hanggang sa tuluyang mabawi ang Imus mula sa mga Espanyol.

Nanguna sa paghihimagsik ang dalawang Sangguniang Bayan nabuo sa lalawigan ng Cavite: ang Sangguniang Bayan Magdiwang at Sangguniang Bayan Magdalo. Partikular naman sa bayan ng Imus, naging makasaysayan ang mga tagumpay na tinamo at saksi sa mga ito ang mga kabilang sa Sangguniang Bayang Magdalo. Di matatawaran, sa kabila ng ilang pagkukulang, ang ginampanang papel ng mga pamilyang Tirona, Tagle, Topacio at iba pa sa larangan ng pagtatanggol sa bayan ng Imus sa panahon ng Himagsikan. Ipinagpatuloy din nila ang pagsisilbi sa bayan ng Imus mula sa panahong ito hanggang sa panahon ng paglaya.

Hindi tumigil ang mga manghihimagsik na itaguyod ang kagalingang pambayan sa panahong makamit na ang tagumpay mula sa pambubusabos ng mga ordeng relihiyoso at opisyal na Espanyol. Umukit sa kasaysayan ng bayan ng Imus ang walang katumbas na pag-aalay ng buhay ng mga taumbayan ng Imus, at sa mga kanugnog nitong bayan, partikular na ang mga kabilang sa Bayang Sangguniang Magdalo gaya ng Bacoor, Kawit at Dasmariñas. Patuloy na inaalala ang kanilang kabayanihan hanggang sa kasalukuyan at ipinagmamalaki bilang mga pangunahing tauhang historikal ng bayan ng Imus.

Ang pagsalubong at pagtugon ng taumbayan sa gitna ng pakikipaghimagsik ay nagpakita ng kanilang pakikiisa na wakasan na ang pananakop ng mga Espanyol. Malaking tagumpay ang nakamtan, at nahango ang bayan ng Imus mula sa mga Espanyol dahil sa rin sa walang kapagurang pakikiisa sa Himagsikan. Nararapat ding banggitin ang pagtulong ng mga maykaya sa bayan ng Imus, lalo na sa mga ibinigay nitong mga abuloy na kinailangan sa paghihimagsik.

Ang Himagsikan ay lumikha ng matibay na ugnayan ng taumbayan at mga naghihimagsik bunsod ng pagdadamayan at pagkakaisa. Bumuo ito ng isang matatag na samahan at pagkakasundo na lalo pang pinatatag ng pagpapahalaga at pagkilala sa kagalingan ng bawat isa. Nagluwal din ito ng isang mapayapang at matiwasay na daloy ng pamumuhay. Nagturingan hindi lang magkababayan, kundi higit sa lahat, bilang mga pagkakapatid na binigkis ng adhikaing kamtin ang kapayapaan, kaluwalhatian at kalayaan. Ang ganitong mahabang kasaysayan ng pagtatanggol, pagdadamayan at pagkakaisa ang kayamanang-bayan na patuloy na gumagabay sa mga taga-Imus upang ipagpatuloy ang magandang simulain ng kanilang mga mahuhusay na pinagmulang-lahi.

Ang pakikilahok ng mga taga-Imus sa paghihimagsik sa panahon ng pagtatanggol laban sa pagpasok ng mga Espanyol sa bayan ay panahon kung saan ipinakita nila ang tunay na pagdadamayan at pagbubuklod. Dahil sa tagumpay na tinamo sa panahon ng Himagsikan, nabuo ang kamalayang panlipunang tungo sa pagmamahal sa bayan ng mga taga-Imus. Hindi matatawaran ang naging mahalagang bahagi ng taumbayan upang labanan ang paghahahari ng mga Espanyol.



Napanatili sa mga taga-Imus ang patuloy na pagpapahalaga sa kasaysayan na kanilang bayan lalo na dahil sa gunita ng Himagsikan. Taal sa mga taga-Imus ang pagmamahal at pagmamalaki sa mga pamana ng lumipas. Kahanga-hanga ang kanilang patuloy na pagsubaybay sa mga tinatahak ng kanilang bayan sa kasalukuyan, hindi lamang bilang mga tagamasid, kundi mga aktibong kalahok.

Ang pagsasagawa ng mas malaliman pang pananaliksik at pagsusuri ukol sa naging kontribusyon ng bayan sa panahon ng Himagsikan ay nanatiling isang hamon pa para sa mga mag-aaral at dalubhasa sa Kasaysayan. Mahalagang mabanggit na ang karanasan ng bawat bayan ay hindi magkakatulad. Mahalagang maipagpatuloy pa ang tradisyon at gawaing pananaliksik lalo na sa kasalukuyang panahon upang patuloy na mabigyan ng sapat na pagkilala ang kasaysayan hindi lamang ng mga pinunong naghimagsik, higit sa lahat, ang mahalagang ambag ng bayan sa pagkamit ng kalayaan. Hindi dapat tumigil, bagkus ay mas kailangan pang pag-ibayuhin ang adhikaing makapag-ambag ng makabuluhang pag-aaral na pumapaksa sa mga kasaysayang pampook at gayundin ang pagkakaugnay nito sa kabuuang kasaysayan ng bansa sa pangkalahatan.

## BIBLIOGRAPIYA

### Primaryang Batis

- National Historical Institute, Memoirs of General Artemio Ricarte, Manila: National Historical Institute, 1992*
- Aguinaldo, Emilio F., Mga Gunita ng Himagsikan, *National Centennial Commission at Cavite Historical Society*: 1998
- Alvarez, Santiago V., *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General, (with the original Tagalog Text, Ang Katipunan at Paghihimagsik), Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992*
- Canseco, Telesforo, *Historia dela Insurreccion en Cavite (Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Cavite 1897), Jose Rhommel B. Hernandez, O. P., tagasalin, Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999)*
- Ricarte, Artemio, Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila, (Yokohama: 1997)
- Ronquillo, Carlos V, Ilang Tala Tungkol sa Paghihimagsik (Revolucion) nang 1897, Isagani Medina, patnugot, Quezon City: *University of the Philippines Press*, 1996
- Kalaw, Teodoro M., Ang Himagsikang Pilipino, Manila: *National Historical Institute*, 1989

## **Sekundaryang Batis**

Abrera, Ma. Bernadette L., Ambrosio, Dante L., Bouquiren, Rowena R., Llanes, Ferdinand C. at Veneracion, Jaime B., Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayan ng Pilipino, ADHIKA ng Pilipinas at *National Historical Institute*, 2001

Cushner, Nicolas P., Landed Estates in the Colonial Philippines, Connecticut: *Yale University, Southeast Asian Studies*, 1976

De Ocampo, Esteban, at Saulo, Alfredo, History of Cavite: The Mother Ground of the Philippine Revolution, Independence, Flag, and National Anthem, Cavite: Trece Martires, 1985

Llanes, Ferdinand C., Katipunan: Isang Pambansang Kilusan, Trinitas Publishing Inc., 1994)

Medina, Isagani R., Cavite Before the Revolution 1571 – 1896. Lungsod Quezon: CSSP Publications, 1994

*National Historical Institute, Memoirs of General Artemio Ricarte*, Manila: *National Historical Institute*, 1992

## **Pahayagan, Dyornal, at Manuskrito**

Manuel, Arsenio E., *Biography of Tomas Tirona, The Diliman Review*, Tomo XIV, Bilang 4, pp. 287-380.

Ordoñez, Elmer A., *Capitang Seryo: The Story of General Licerio Topacio, Paragraphics*: 1998